

## OPISYAL NA PAHAYAG

3/21/2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach,  
562.570.NEWS, [jic@longbeach.gov](mailto:jic@longbeach.gov)

Para sa Agarang Pahayag

## Ang Job Center ng Long Beach ay Mananatiling Bukas Mga Serbisyong Magagamit para sa Naapektuhan ng COVID-19 na Emerhensiya

Long Beach, CA - Ang WorkPlace job center (4811 Airport Plaza Dr., Ste. 120) ay mananatiling bukas upang tulungan ang mga pamilya sa Long Beach, manggagawa, at mailiit na negosyo na naapektuhan ng pagsiklab ng COVID-19.

“We know the current health emergency is negatively impacting thousands of workers and hundreds of businesses here in Long Beach,” said Mayor Robert Garcia. “Keeping our job centers open to assist our employers, workers and their families during this economic emergency helps to address many other challenges.”

“Alam namin ang kasalukuyang emerhensiya sa kalusugan ay negatibong nakakaapekto sa libu-libong mga manggagawa at daan-daang mga negosyo dito sa Long Beach,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpapanatiling bukas sa aming mga sentro ng trabaho upang matulungan ang aming mga tagapagempleyo, manggagawa, at ang kanilang mga pamilya sa panahon ng emerhesiyang pangekonomiyang ito ay nakakatulong upang matugunan ang maraming iba pang mga hamon.

Pinamamahalaan ng [Pacific Gateway Workforce Innovation Network](#), The WorkPlace job center ay nagbibigay ng mga serbisyo sa mga manggagawa na naghahanap ng impormasyon tungkol sa mga pagbubukas ng trabaho, bokasyonal na pagsasanay, benepisyo sa seguro ng kawalang ng trabaho at karagdang pagkakataon sa pagtatrabaho sa Long Beach, Signal Hill at mga komunidad ng Los Angeles Harbor.

Mga Serbiyo sa The WorkPlace ay kinabibilangan ng:

- Tulong sa paghahanap ng trabaho at koneksyon sa mga tagapagempleyo na kumukuha ng empleyado.
- Ang pagpayo sa karera at bokasyonal na pagsasanay upang matulungan ang mga indibidwal na gumawa ng mga pangmatagalang plano at kumonekta sa lumalaking sektor ng ekonomiya.
- Impormasyon tungkol sa mga espesyal na programa ng estado, county, at lungsod para sa mga manggagawa na humaharap sa potensyal na kawalan ng trabaho o pag-downsize.

Ang mga sesyon ng impormasyon ay nagaganap Lunes hanggang Biyernes mula 9:00 a.m. hanggang 11:00 a.m. Sang-ayon sa mga protokol ng pagdistansya sa lipunan na kaugnay sa

COVID-19, ang mga oryentasyon ay limitado sa siyam na indibidwal, habang ang one-on-one na mga sesyon ay magaganap sa pamamagitan ng telepono. Ang mga mapagkukunang ito at karagdagang update ay ilalahad sa 2:00 p.m. Lunes hanggang Biyernes sa isang live feed mula sa Instagram account ng Pacific Gateway sa [@pacgateway](https://www.instagram.com/pacgateway).

Mga impormasyon tungkol sa pautang sa maliliit na negosyo, pagkonsulta sa negosyo, at iba pang mga programa ay mahanap sa [www.longbeach.gov/economicdevelopment/covid-19-business-support/](http://www.longbeach.gov/economicdevelopment/covid-19-business-support/).

Ang mga negosyong naghahanap ng mga aplikasyon sa mga pautang na programa ng estado, pederal, at lungsod, employment program ng WorkShare, at iba pang serbisyo ng suporta ay maaaring tumawag sa Economic Development Department business hotline ng Lungsod sa 562-570-4BIZ (4249) o bumisita sa [www.longbeach.gov/economicdevelopment/covid-19-business-support/](http://www.longbeach.gov/economicdevelopment/covid-19-business-support/).

Karagdagang impormasyon tungkol sa The WorkPlace ay makikita sa [www.pacific-gateway.org](http://www.pacific-gateway.org).

Ang Lungsod ay naghihikayat sa lahat ng mga residente na bumisita sa [www.longbeach.gov/COVID19](http://www.longbeach.gov/COVID19) para sa napapanahong impormasyon sa COVID-19, at upang maiwasan ang maling impormasyon. Maaari mo ring sundin ang mga update, mga tip, at mga abiso sa social media ng Lungsod [@LongBeachCity](https://twitter.com/LongBeachCity) at [@LBHealthDept](https://twitter.com/LBHealthDept) at sa pagsunod sa hashtag [#COVID19LongBeach](https://twitter.com/COVID19LongBeach).

###